Ang Walang Hanggang Mensahe

Ang Pang-kalahatang kard

Ang Pamagat: Ang Walang Hanggang Mensahe
Wika: Tagalog
Maikling Pagkakalarawan: Sa pagpapahayag ng Diyos sa Kanyang huling mensahe kay Muhammad (SAS), na sadyang walang-hanggan at para sa lahat ng sangkatauhan...
: عربي
Bilang ng pagpapakita ng pahina: 1557
Petsa ng Pagdagdag: Apr 02,2007
Ugnayan : http://www.islamhouse.com/p/6333

Hindi bago ang relihiyong Islam sapagka't ang Islam (ang pagsuko sa kalooban ng Diyos) ay tanging relihiyon sa paningin ng Diyos. Sa ganitong kadahilanan, ang Islam ay tunay at likas na relihiyon, at ito ang dating walang hanggang mensahe na ipinahayag sa pagdaloy ng panahon sa lahat ng Propeta ng Diyos katulad nina Abraham, Noah, Moses, Hesus at Muhammad (SAS). Silang lahat ay nagturo ng isang magkakatulad na Mensahe: Ang dalisay na Monoteismo.

Hindi nagtatag ng bagong relihiyon si Propeta Muhammad (SAS) katulad ng maling pag-aakala ng marami, bagkus siya ang pinakahuling Propeta ng Islam. Sa pagpapahayag ng Diyos sa Kanyang huling mensahe kay Muhammad (SAS), na sadyang walang-hanggan at para sa lahat ng sangkatauhan, binigyang kaganapan ng Diyos ang kasunduan na Kanyang ibinigay kay Abraham, na isa sa mga nauna at bantog na Propeta. Sapat nang sabihin na ang panuntunan ng Islam ay siya ring panuntunan ni Propeta Abraham, sapagka't kapwa Bibliya at Qur'an ay nagpapakilala kay Abraham bilang isang matayog na huwaran ng sinumang buong-pusong isinusuko ang sarili sa kalooban ng Diyos, at siya ay tuwirang sumasamba sa Diyos na walang isinaalang-alang na tagapamagitan. Sa oras na maunawaan ito, magiging maliwanag na ang Islam ang siyang pandaigdigan at walang hanggang mensahe kaysa sa lahat ng relihiyon, sapagka't lahat ng Propeta at Sugo ng Diyos ay mga "Muslim" (sila'y sumusuko sa kalooban ng Diyos), at kanilang itinuro ang "Islam" (pagsunod sa kalooban ng Makapangyarihang Diyos).